# PALIITIN ANG POSIBILIDAD NA MANAKAW ANG IYONG SAHOD

Ang **pagnanakaw ng sahod** ay ang hindi pagbibigay ng mga employer sa lahat ng kitang pinaghirapan ng mga manggagawa. Halimbawa:

- Pagbabayad nang mas mababa sa minimum na sahod sa lugar
- Hindi pagbabayad sa lahat ng ipinasok na oras
- Hindi pagbabayad ng overtime
- Tumatalbog na tseke o hindi patas na pagkakaltas.

**Palaging ilegal** ang pagnanakaw ng sahod. Narito ang ilang tip para maprotektahan ang iyong sarili.

## Kilalanin ang iyong employer

Alamin ang **legal na pangalan at address** ng iyong employer. Isulat ang mga address ng lahat ng lokasyong pinagtatrabahuhan mo, ang plaka ng iyong employer, at ang mga pangalan ng mga taong nagha-hire, nagbabayad, o nagsu-supervise sa iyo.

## Itabi ang iyong mga payslip

Itabi ang **lahat ng payslip mo** at ang iba pang dokumentasyon ng bayad na natatanggap mo mula sa iyong employer.

## Magtabi ng mga sarili mong talaan

I-track ang **lahat ng oras na ipinapasok mo.** Bawat araw, isulat ang petsa, ang oras ng pagsisimula at pagtatapos ng iyong shift, kung saan ka nagtrabaho, at ang anumang break mo. Ikumpara ang mga oras na isinulat mo sa mga oras na nasa iyong payslip. Kung may mapapansin kang mali, **makipag-ugnayan sa OLSE** para sa tulong.

Bukod pa rito, i-track ang **ibinabayad sa iyo bawat linggo,** at kung kailan ka binabayaran. Mahalaga lalo ito kung cash ang bayad sa iyo at hindi ka binibigyan ng employer mo ng payslip. At magtabi ng mga kopya ng anumang **nakasulat na komunikasyon** sa iyong employer **(kasama ang mga text message!).**

## Sama-samang palawakin ang kamalayan

Alamin ang iyong mga karapatan bilang manggagawa. Kung kumportable ka, **kausapin ang iyong mga katrabaho** tungkol sa mga karapatan at alalahanin ninyo sa lugar ng trabaho. Puwedeng mas lumakas kayo at magkaroon kayo ng higit pang legal na proteksyon kung kikilos kayo bilang isang grupo.

# MATUTO PA O HUMINGI NG TULONG

Isinusulong ng **Office of Labor Standards and Enforcement** (OLSE) ang mga karapatan ng lahat ng manggagawa sa County ng San Mateo, anuman ang kanilang trabaho o katayuan sa immigration.

Para magtanong o mag-ulat ng mga problema, tumawag sa libre at kumpidensyal na Hotline para sa Payo sa Trabaho ng OLSE sa **1-866-870-7725** o mag-email sa **olse@smcgov.org**.

Matuto pa sa **smcgov.org/OLSE**.





Mga manggagawa sa County ng San Mateo:

# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA TRABAHO


COUNTY OF SAN MATEO
OFFICE OF LABOR STANDARDS AND ENFORCEMENT

OPISINA NG MGA PAMANTAYAN AT PAGPAPATUPAD UKOL SA PAGTATRABAHO

# ANG IYONG MGA KARAPATAN SA MINIMUM NA SAHOD

Ngayong 2025, kumikita dapat ang mga manggagawa sa California nang hindi bababa sa **$16.50 bawat oras.** Maraming manggagawa sa County ng San Mateo na may karapatan sa mas mataas na minimum na sahod, depende sa lugar na kanilang pinagtatrabahuhan:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mga unincorporated na lugar | $17.46 | Half Moon Bay | $17.47 |
| Belmont | $18.30 | Menlo Park | $17.10 |
| Burlingame | $17.43 | Redwood City | $18.20 |
| Daly City | $17.07 | San Carlos | $17.32 |
| East Palo Alto | $17.45 | San Mateo | $17.95 |
| Foster City | $17.39 | South San Francisco | $17.70 |
| Lahaat ng iba pang incorporated na lungsod at bayan | | | $16.50 |

## MINIMUM NA SAHOD SA COUNTY NG SAN MATEO



Naaangkop ang minimum na sahod ng County sa lahat ng **unincorporated na lugar** sa County ng San Mateo. Sa ilalim ng batas sa minimum na sahod, dapat gawin ng mga employer ang mga sumusunod:

- Magbayad nang hindi bababa sa **$17.46**/oras;
- Bigyan ang mga manggagawa ng **nakasulat na abiso** tungkol sa kanilang mga karapatan; at
- **Huwag kailanman paghigantihan** ang isang manggagawa para sa paggamit ng kanyang mga karapatan sa minimum na sahod.

### MGA KAHIHINATNAN NG PAGLABAG

Posibleng kailanganin ng mga employer na lalabag sa batas na magbayad ng:

- Back wage sa mga manggagawa
- BAGO HULYO 2025 Mga pang-administratibong multa sa mga manggagawa
- BAGO HULYO 2025 Mga pang-administratibong bayarin at multa sa County

# IBA PANG PANGUNAHING KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA



Narito ang ilang iba pang mahalagang karapatan sa lugar ng trabaho na naaangkop sa karamihan ng mga manggagawa sa County ng San Mateo—sa lahat ng lungsod at unincorporated na lugar:

## Overtime

Ang karapatang mabayaran ng halagang isa at kalahati ng regular mong rate para sa anumang oras na ipinasok mo na mahigit sa 8 oras sa isang araw o 40 oras sa isang linggo, at karapatang mabayaran nang doble ng regular mong rate para sa anumang oras na ipinasok mo nang mahigit sa 12 oras sa isang araw o sa iyong ikapitong sunud-sunod na araw ng trabaho sa isang linggo ng trabaho.

## Break para kumain at magpahinga

Karapatan sa isang 30 minutong walang bayad na break para kumain sa bawat shift na 5 oras o higit pa, at karapan sa isang 10 minutong bayad na break para magpahinga sa bawat apat na oras ng trabaho.

## Bayad habang may sakit

Karapatang magkaroon at gumamit ng hanggang 40 oras, o limang araw, na bayad na leave habang may sakit bawat taon.

## Bawal ang kaltas na labag sa batas

Hindi puwedeng ibawas ng employer mo sa iyong sahod ang halaga ng mga uniporme, kinakailangang equipment para sa kaligtasan, o anumang tool o supply na ginagamit mo sa trabaho. May karapatan ka ring ma-reimburse para sa anumang magiging gastusin mo sa ngalan ng iyong employer.

## Mga Tips

Kung nakakatanggap ka ng tip, hindi puwedeng kumuha ang employer mo ng anumang porsyento ng mga tip para sa kanyang sarili, o para sa karamihan ng mga manager at supervisor. Hindi rin puwedeng gamitin ng mga employer ang mga tip para matugunan ang kanilang mga obligasyon sa sahod.

## Pagbabayad nang nasa-oras

Karapatang mabayaran nang hindi bababa sa dalawang beses bawat buwan, mabayaran nang nasa oras, at hindi mabigyan ng tumatalbog na paycheck.

## Tamang klasipikasyon

Karapatang mapakitunguhan at mabayaran bilang empleyado, maliban na lang kung isa kang independiyenteng contractor. Makipag-ugnayan sa OLSE para sa tulong sa pagtukoy kung mali ang klasipikasyon sa iyo.

## Bawal ang diskriminasyon

Karapatan sa pakikitungong hindi nagbabago batay sa lahi, kasarian, pinagmulang bansa, kapansanan, sekswal na oryentasyon, pagbubuntis, o edad.

## Kalusugan at kaligtasan

Karapatan sa lugar ng trabaho na walang tukoy na panganib sa kalusugan at kaligtasan ng manggagawa, at na may plano para matiyak na mananatiling ligtas ang mga manggagawa.

## Pag-oorganisa kasama ang mga katrabaho

Karapatang mag-organisa kasama ng iyong mga katrabaho para mapataas ang inyong sahod o mapaganda ang mga kundisyon sa trabaho, bahagi ka man ng isang unyon o hindi.

## Bawal ang paghihiganti

Karapatang hindi maparusahan o mapaghigantihan para sa paggamit sa, o pagsubok na gamitin ang, mga pinoprotektahang karapatan.

**TANDAAN: Ang mga karapatang ito ay naaangkop sa karamihan ng—pero hindi sa lahat ng—manggagawa sa County ng San Mateo. Basic na impormasyon lang ang nasa flyer na ito at hindi nito tinatalakay ang mga posibleng pagbubukod. Hindi ito legal na payo.**

**Bisitahin ang website ng OLSE para sa mga link sa higit pang detalyadong impormasyon o tumawag sa Hotline para sa Payo sa Trabaho para talakayin ang iyong sitwasyon sa isang abugado.**